

Pahintulot ng Mga Karagdagang Serbisyo ng Google

Gumagamit ang mga guro ng iba't ibang mga kasangkapan at mapagkukunang pang-edukasyon sa online upang mapahusay ang edukasyon ng ating mga mag-aaral. Ang mga serbisyong ito ay maaaring libre o maaaring kinontrata ng distrito at may kasamang mga kagamitan at tampok na maaaring mapahusay ang pag-aaral at pakikipagtulungan.

Ang sumusunod na Mga Karagdagang Serbisyo ng Google Workspace na ginagamit ng distrito para maghatid ng mga aralin sa kurikulum o mga application ay nangongolekta ng impormasyon para sa iba pang komersyal na layunin, at nangangailangan ng pahintulot ng magulang o tagapag-alaga para sa mga mag-aaral na wala pang 18 taong gulang:

- **Mga Karagdagang Serbisyo ng Google**

Ang pahintulot ay ganap na boluntaryo ngunit ang mga mag-aaral na walang pahintulot ay hindi makakasali sa mga aktibidad na isinasagawa online na gumagamit ng mga karagdagang serbisyong ito, ngunit magkakaroon pa rin sila ng access sa mga pangunahing kagamitang pang edukasyon ng Google (hal., Google Drive, Google Classroom). Ang Distrito ng Paaralan ng Anchorage ay hindi pinapayagang gumawa ng mga pagbubukod. Ang mga guro sa silid-aralan ay maaaring magbigay ng mga alternatibong takdang-aralin para sa mga mag-aaral na hindi kasama sa paggamit ng mga online na serbisyong ito.

Pinapahintulutan mo ba ang iyong anak na gamitin ang mga serbisyong ito?

☐ **OO**, nagbibigay ako ng pahintulot para sa aking anak na gamitin ang mga serbisyong ito.

☐ **HINDI**, hindi ako nagbibigay ng pahintulot para sa aking anak na gamitin ang mga serbisyong ito.

Pangalan ng Mag-aaral: _____ Baitang:

Lagda ng Magulang/Tagapag-alaga: _____ Petsa:
